Mababang Paaralan

Mga impormasyon para sa mga dayuhang magulang

Mabuhay! Ito ang mababang paaralan ng Reykjavík!
Ang inyong anak ay malugod na inaanyayahan sa mababang paaralan ng Reykjavík. Dito ay malugod na sinasalubong ang mga bagong mag-aaral at ang pagtuturo ay naaayon sa pangangailangan ng bawat isa upang lubusang mapag-ibayo ang kani-kanilang kakayahan.
Ang mga usapin tungkol sa mababang paaralan sa Reykjavík ay isinasangguni sa konseho at larangang pang-edukasyon (menntaráð at Menntasvið). Ang pangunahing tanggapan nito ay matatagpuan sa Borgartún 12-14, tel. 411-1111,
e-mail: menntasvid@reykjavik.is
homepage: www.grunnskolar.is
Layunin ng lunsod ng Reykjavík na pagtuunang pansin ang karapatang pantao at mga batang nag-aaral ng *Icelandic* bilang pangalawang wika. Hinihikayat dito ang paggamit ng *multi-cultural method of instruction* at ituro sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagkakaroon ng ibat-ibang kultura (cultural differences) sa pamayanan.

Saang paaralan maaaring ipatala ang mag-aaral?

Dito sa Iceland ay obligadong pumasok sa paaralan ang lahat ng batang may edad na 6 – 16 taong gulang. Ang nasabing paaralan ay nasa pamamalakad ng komunidad. Sa Reykjavík ay mayroong 43 na paaralang pang elementarya, 6dito ay pribado. Tatlo ang espesyal na paaralan para sa mga batang may kapansanan. Libre o walang bayad ang pagpasok sa pambayang paaralan (public school) subalit may bayad naman ang sa pribadong paaralan (private school).
Ang mga dayuhang mag-aaral ay may karapatang pumasok sa paaralang matatagpuan sa nasasakupang komunidad, subalit maaari ring magpatala at mamasukan sa iba kung ito ay nais nila. Apat na paaralan sa lunsod ang dalubhasa sa pagtanggap at pagturo sa mga dayuhang mag-aaral:
Austurbæjarskóli – kung saan nagmula ang *multi-cultural method of instruction*, Breiðholtsskóli, Fellaskóli at Háteigsskóli.
Maaaring magpatala para makapasok sa paaralan sa *homepage* ng lunsod ng Reykjavík www.reykjavik.is, sa 6 na sentro ng paglilingkod (þjónustumiðstöð) ng Reykjavík o kaya sa mga mababang paaralan.

Gayun pa man ay maaaring magsangguni sa sentro ng paglilingkod ukol sa pagpapatala ng mag-aaral, 2 sa mga ito ang may natatanging kaalaman sa pagtanggap at pagturo ng mga dayuhang mag-aaral; Sentro ng paglilingkod sa kalakhang Reykjavík at Hlíðar, Skúlagata 21 at Sentro ng paglilingkod sa Breiðholt, Álfabakki 12.
Kanais-nais na ang mag-aaral ay napagkalooban na ng pagkakakilanlang bilang (kennitala) bago magpatala sa mababang paaralan. Ang mga impormasyon tungkol sa nakalipas na pag-aaral, sertipikasyong pangkalusugan (*health certificate*)at bakuna (*vaccination certificate*)ay kailangang kalakip sa aplikasyon upang magpatala sa paaralan.

Tanglaw ng mababang paaralan

- Tungkulin ng mababang paaralan na ihanda ang mga mag-aaral na mamuhay at maghanapbuhay sa demokratikong komunidad. Binibigyang diin na ang mga mag-aaral ay magpakita ng kusa sa paggawa, tiwala at disiplina sa sarili.
- Ang mga gawain sa mababang paaralan ay kailangang naaayon sa kahandaan at kakayahan ng bawat mag-aaral.
- Layunin ng Reykjavík na mag-alok ng kursong naaangkop sa kakayahan ng bawat mag-aaral at ang nasabing mag-aaral mismo, katulong ang mga magulang at guro, ang siyang gagawa ng sariling layunin sa pag-aaral.
- Binibigyang diin ng mababang paaralan ng Reykjavík ang kapakanan at kaligtasan ng mga mag-aaral. Sinisiguro din nito na walang sinuman ang inaapi dahil sa kanyang pinagmulan, kasarian, tirahan, katayuan sa lipunan, relihiyon o kapansanan.

Gawain ng mababang paaralan

Ang mga mag-aaral sa mababang paaralan ay papasok nang 180 araw sa isang taon, mula sa huling mga araw ng Agosto hanggang sa simula ng buwan ng Hunyo. Ang mga paaralan ay nagbibigay ng *school calendar* na nagsasaad ng mga impormasyon tungkol sa mga araw na mayroon at walang pasok.

Ang mag-aaral ay mananatili sa paaralan sa loob nang 6 na oras sa isang araw depende sa edad o gulang nila. Karamihan sa mga paaralan ay pinalalabas ang mga mag-aaral tuwing rises (*recess*), dahil dito kinakailangang ang kanilang pananamit ay naaayon sa uri ng panahon.

Ang mga mag-aaral mula 6-9 na taong gulang ay maaaring manatili sa *leisure home* (frístundaheimili) pagkatapos ng klase. Kailangang bayaran ng mga magulang ang naturang serbisyo.

Ang lahat ng mag-aaral ay may tagapayo (*adviser*) na nagsusubaybay sa kanilang mga gawi o kilos sa loob ng paaralan at nagpapaabot ng mga impormasyon sa mga magulang. Ang mga magulang ay kailangang makipag-ugnayan muna sa tagapayo kapag ang mag-aaral ay may anumang problema. Gayun pa man ay maaari ring makipag-ugnayan sa puno ng departamento (*department head*), pangalawang punong-guro o kaya punong-guro. Ang paaralan ay kukuha ng tagasalin kung kinakailangan.

Makakabili ng tanghalian sa kantina ng paaralan (school canteen), subalit ang mga bata sa maraming paaralan ay kinakailangan pa ring magdala ng pagkain para sa rises sa umaga at hapon. Mayroon ding mga paaralang nagbibenta ng inumin, tinapay at mga prutas.

Ang mag-aaral ay inilalagay sa baitang ayon sa kanyang edad o gulang. Ginagawan ng paraan ng paaralan na matulungan ang mga mag-aaral na masyadong nahihirapan sa mga aralin.

- **Anu-ano ang tungkulin ng mga magulang?**

Para masiguro ang matagumpay na paglipat ng mga bata sa ibang bansa ay kailangang magtulungan ang mga magulang at paaralan. May mga samahan ng mga guro at magulang (PTA-*Parent-teachers Association*) na naninilbihan sa lahat ng paaralan at ang bawat pangkat/klase ay naghahalal ng isang kinatawan para sa nasabing samahan. Ang mga dayuhang magulang ay hinihikayat na makilahok sa samahang ito.

Tungkulin ng mga magulang na:

- tiyaking pumapasok at nag-aaral nang mabuti ang kanyang anak,
- ipaalam tuwing umaga sa opisina ng paaralan kung ang kanyang anak ay may sakit,
- tiyaking *healthy* ang pagkaing dadalhin ng kanyang anak sa paaralan at ang pananamit ay naaayon sa uri ng panahon,
- tiyaking ginagawa ng kanyang anak ang mga takdang-aralin,
- dumalo sa mga pulong at gayun na rin tuwing araw ng pakikipagpanayam ng mga guro sa mga magulang (foreldraviðtal),
- ipatupad ang tuntunin ukol sa oras na maaaring ilagi ng mga bata sa labas,
- ipaalam nang pormal sa paaralan kung nais paglibanin o pagbakasyunin ang anak.

Ang lunsod ng Reykjavík ay nag-aalok ng ibat-ibang uri ng isport at libangan. Mahalagang suportahan ng mga magulang ang kanilang mga anak na lumahok sa gawaing ito upang dito nila ipamalas ang pang-unawa nila sa isang bagay, *cultural skill* at pakikipagkapwa. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol dito ay matatagpuan sa www.itr.is at sa mga sentro ng paglilingkod sa Reykjavík.

Mga sentro ng paglilingkod sa Reykjavík

Sa Reykjavík ay may 6 na sentro ng paglilingkod, ito ay nagbibigay ng ibat-ibang serbisyo katulad ng sikolohiya (psychology) at pagsangguni ukol sa pagtuturo sa mababang paaralan. Gayun na rin ang pagbibigay ng payo sa isang tao at pamilya. Ang mga magulang ay maaari ring manghingi ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatala, mga serbisyong ipinagkakaloob ng paaralan, libangang gawain at espesyal na suportang ipinagkakaloob ng naturang sentro. Dagdag dito, may mga

Sentro ng paglilingkod sa Árbær at Grafarholt, Bæjarháls 1,
e-mail: arbaer@reykjavik.is, tel. 411-1200

Sentro ng paglilingkod sa Breiðholt, Álfabakki 12,
e-mail: breidholt@reykjavik.is, tel. 411-1300.

Sentro ng paglilingkod sa Laugardalur at Háaleiti, Síðumúli 39,
e-mail: laugardalur.haaleiti@reykjavik.is, tel. 411-1500

Sentro ng paglilingkod sa kalakhang Reykjavík at Hlíðar, Skúlagata 21,
e-mail: midborg.hlidar@reykjavik.is, tel. 411-1600

Sentro ng paglilingkod sa Grafarvogur at Kjalarnes, Miðgarður, Langarimi 21,
e-mail: midgardur@reykjavik.is, tel. 411-1400

Sentro ng paglilingkod sa Vesturbær, Vesturgarður, Hjarðarhagi 45-47,
e-mail: vesturgardur@reykjavik.is, tel. 411-1700